SINASAKLAW NG ORDINANSANG ITO ANG MGA EMPLEYADONG NAGTATRABAHO SA UNINCORPORATED LOS ANGELES COUNTY, ANUMAN ANG KATAYUAN SA IMIGRASYON O TRABAHO.

ORDINANSA NG COUNTY NG LOS ANGELES SA MINIMUM NA SAHOD

Nagkabisa ang ordinansang ito noong Hulyo 1, 2016.

Nalalapat ang ordinansang ito sa mga empleyadong nagtatrabaho nang hindi bababa sa dalawang oras sa isang partikular na linggo sa loob ng mga unincorporated na lugar ng Los Angeles County. Ang mga tagapag-empleyo ay inaatasang magbayad ng minimum na sahod na itinakda sa ibaba para sa lahat ng oras na trinabaho.

Dapat ipaskil ang poster na ito sa isang kapuna-puna at napupuntahang lugar sa mga lugar ng trabaho, sa Ingles, Espanyol, at sa pangunahing wika na ginagamit ng tagapag-empleyo para magpabatid ng impormasyon sa mga empleyado tungkol sa mga tungkulin sa trabaho ng mga empleyado, kung hindi Ingles o Espanyol.

Kabanata 8.100 ng Kodigo ng Los Angeles County - Minimum na Sahod

HULYO 1, 2024*

$17.27 KADA ORAS

*Simula 2022, at patuloy bawat taon mula rito, pagpapasyahan ng CEO sa Enero 1 ang mga adjusted rate na ipatutupad sa Hulyo 1 ng taong iyon.

Mga Dating Rate ng Sahod

Hulyo 1, 2023 ... $16.90 kada oras (Lahat ng tagapag-empleyo)
Hulyo 1, 2022 ... $15.96 kada oras (Lahat ng tagapag-empleyo)
Hulyo 1, 2021 ... $15.00 kada oras (Lahat ng tagapag-empleyo)
Hulyo 1, 2020 ... $15.00 kada oras para sa malalaking tagapag-empleyo na may 26 o higit pang empleyado
Hulyo 1, 2020 ... $14.25 kada oras para sa maliliit na tagapag-empleyo na may 25 o mas kaunting empleyado

Kabanata 8.100 & 8.101 ng Kodigo ng Los Angeles County - Hindi legal ang Paghihiganti

Mayroon kang karapatang:

- Maghain ng reklamo
- Sabihin sa sinumang tao ang kanilang mga potensyal na karapatan
- Igiit ang iyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito

Ang paghihiganti ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Pagtatanggal sa iyo sa trabaho
- Pagbabawas ng iyong sahod
- Pagdidiskrimina laban sa iyo
- Pananakot sa iyo o sa mga kapamilya mo

Tandaan: Maaaring magsagawa ng mga pandisiplinang pagkilos ang isang tagapag-empleyo laban sa isang empleyado para sa isang dahilan; gayunpaman, mayroong sapantaha ng paghihiganti kung hindi maipakita ng tagapag-empleyo ang dahilan.

Kabanata 8.101 ng Kodigo ng Los Angeles County - Protektado ang Iyong mga Karapatan

May Karapatan Kang Maghain ng Reklamo

Maaari kang maghain ng reklamo sa Department of Consumer and Business Affairs' Office of Labor Equity para sa diumano'y mga paglabag ng Ordinansa sa Minimum na Sahod. Dapat ihain ang mga reklamo sa loob ng tatlong taon pagkatapos maganap ang diumano'y paglabag.

May Karapatan Kang Magdemanda

Maaaring magsampa ng aksyon pangsibil sa isang hukuman ng batas laban sa isang tagapag-empleyo na lumalabag sa Ordinansa sa Minimum na Sahod ang sinumang empleyado, entidad, o sinumang iba pang taong kumikilos sa ngalan ng publiko at na nilalabag ang mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.

Kabanata 8.101 ng Kodigo ng Los Angeles County - Abiso sa mga Empleyado

Pahayag sa Pagsisiwalat ng Paunang Kabayaran

Sa oras ng pagtanggap sa iyo sa trabaho, dapat bigyan ka ng iyong tagapag-empleyo ng nakasulat na pahayag na nagsisiwalat ng sumusunod:

- Ang pangalan ng tagapag-empleyo, pangalan ng negosyo, pisikal na address at address ng pagpapadala ng pangunahing opisina, email address, at numero ng telepono ng tagapag-empleyo
- Ang iyong (mga) rate ng sahod at araw ng sahod
- Kung naaangkop, ang patakaran ng iyong tagapag-empleyo tungkol sa mga tip
- Batayan ng iyong sahod (orasan, lingguhan, komisyon)
- Ang formula kung paano tinutukoy ang rate ng sahod
- Mga pagbabawas na kinukuha mula sa iyong paycheck kada panahon ng sahod
- Anumang karagdagang impormasyon na inaatas ng batas

Pahayag ng Sahod

Bawat araw ng sahod, dapat bigyan ka ng iyong tagapag-empleyo ng impormasyon na inaatas ng California Labor Code 226(a):

- Gross at net na sahod na kinita
- Mga pagbabawas na isinagawa
- Kabuuang bilang ng mga oras na trinabaho ng empleyado
- Bilang ng mga piece-rate unit na kinita (para sa mga trabahador na binabayaran ng piecerate)
- Batayan ng sahod (oras, shift, araw, linggo, komisyon)
- Inklusibong petsa ng panahon na bayad ang empleyado
- Ipinatutupad ang naaangkop na mga rate kada oras sa panahon ng sahod at naaayong bilang ng mga oras na trinabaho sa bawat rate na kada oras
- Pangalan at address ng tagapag-empleyo
- Pangalan ng empleyado; at huling apat na numero ng Social Security Number ng mga empleyado o numero ng ID ng empleyado

(800) 593-8222

Email: wagehelp@dcba.lacounty.gov
Website: workers.lacounty.gov

LOS ANGELES COUNTY
CONSUMER & BUSINESS AFFAIRS

320 West Temple Street, Room G-10
Los Angeles, California 90012

I-scan ang QR code para sa higit na impormasyon at para makita kung matatagpuan ka sa unincorporated Los Angeles County

12/01/2023